Seminar-Palihan para sa Midya ng Bayan

Gaganapin ang isang seminar-palihan pangwika para sa midya sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa Presidential Communications Operations Office (PCOO) at sa Philippine Information Agency (PIA) sa 11–13 Nobyembre 2014. Tampok na panayam sa naturang seminar-palihan ang Ortograpiyang Pambansa ni National Artist at Tagapangulong Virgilio S. Almario, Masinop na Pagsulat ni Dr. Edgar C. Samar, at Korespondensiya Opisyal nina G. Rogelio G. Mangahas at Bb. Leonida B. Villanueva.

“Layunin nitóng gawing modelo sa paggamit ng wikang Filipino ang midya ng ating pamahalaan,” paliwanag ni Tagapangulong Almario, “dapat na magsimula sa ating gobyerno ang wastong paggamit ng Filipino. Kapag wasto ang paggamit ng wika, mas nagiging mabisà ito.” Idinagdag pa ng Tagapangulo na ang pagsasagawa ng naturang seminar-palihan pangwika ay inisyatiba ng PCOO at isang matibay na patunay sa hangarin ng pamahalaang umugnay sa mga mamamayan sa pamamagitan ng wika ng bayan.

Lalahukan ang seminar-palihan ng mga pilîng mamamahayag, manunulat, brodkaster, editor, at iba pang kinatawan mula sa iba’t ibang kawanihan ng PCOO gaya ng Bureau of Broadcast Services, Bureau of Communication Services, People’s Television Network, Inc., Philippine Information Agency, News and Information Bureau, Radio Television Malacañang, at iba pa.

Matatandaang ang Kalihim Herminio B. Coloma Jr. ng PCOO ang naging susing tagapagsalita sa pagbubukas ng Buwan ng Wika 2014 sa Malacañang. Ang PCOO ay ang pangunahing bisig pangkomunikasyon ng Gobyerno at nagsisilbing daan tungo sa

pagkakaunawaan para sa isang maláy at maálam na mamamayang ikinararangal ang sariling pamana at nakasasabay sa mga global na realidad.